Mensahe Walo

# Pagdaranas at Pagtatamasa sa Nagpapaloob ng Lahat na Kristo bilang Mabuting Lupain— isang Lupain kung saan Wala Tayong Anumang Kakulangan

Babasahin sa Kasulatan: Col. 1:12; 2:6-15, 19;
Deut. 8:9; Gen. 17:1; Fil. 1:19

**I. Si Kristo bilang nangunguna at nagpapaloob ng lahat na Isa ay ang nakalaang bahagi ng mga banal sa liwanag para sa ating karanasan at katamasahan—Col. 1:12:**

A. Ang nakalaang bahagi ay tumutukoy sa bahagi ng mana, gaya ng inilarawan ng pagbabahagi ng mabuting lupain ng Canaan na ibinigay sa mga anak ni Israel bilang kanilang mana—Jos. 14:1.

B. Ang nakalaang bahagi ng Bagong Tipang mga mananampalataya ay hindi isang pisikal na lupain; ito ay ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang ang Espiritung nagbibigay-buhay—Col. 2:6-7; Gal. 3:14:

1. Ang kayamanan ng mabuting lupain ay sumasagisag sa di-malirip na kayamanan ni Kristo sa iba't ibang aspekto bilang masaganang panustos sa Kanyang mga mananampalataya sa Kanyang Espiritu—Deut. 8:7-10; Efe. 3:8; Fil. 1:19.
2. Sa pamamagitan ng pagtatamasa sa kayamanan ng lupain, naitatayo ang mga mananampalataya kay Kristo upang maging Katawan ni Kristo bilang bahay ng Diyos at kaharian ng Diyos—Efe. 1:22-23; 2:21-22; 1 Tim. 3:15; Mat. 16:18-19; Roma 14:17.

C. Kailangan tayong mapa *sa liwanag* upang matamasa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang mabuting lupain; ang liwanag ay ang presensiya ng Diyos—Col. 1:12; 1 Ped. 2:9; Isa. 2:5; 1 Juan 1:5:

1. Ang Diyos ay liwanag—b. 5.
2. Ang salita ng Diyos ay liwanag—Awit 119:105, 130.
3. Si Kristo ay liwanag—Juan 8:12; 9:5.
4. Ang buhay ni Kristo ay liwanag—1:4.
5. Ang mga mananampalataya ay liwanag—Mat. 5:14; Fil. 2:15.
6. Ang ekklesia ay isang patungan ng ilawan na nagliliwanag—Apoc. 1:20; Awit 73:16-17.

**II. Inihahayag ng Colosas 2:6-7 na si Kristo bilang mabuting lupain, isang lupain kung saan wala tayong anumang kakulangan (Deut. 8:9), ay ang mayamang lupa kung saan tayo naiugat nang sa gayon ay lumago tayo sa pamamagitan ng mga elemento na sinipsip natin mula sa lupa (Efe. 3:17b):**

A. Ang Diyos ang tunay na Magsasaka, at si Pablo ay isa sa Kanyang mga kamanggagawa (1 Cor. 3:6-9; 2 Cor. 6:1a); itinanim ni Pablo ang mga mananampalataya kay Kristo bilang lupa.

Mensahe Walo (pagpapatuloy)

B. Araw kada araw ay kailangan tayong maglaan ng panahon upang sipsipin si Kristo, ang Isa na kung kanino tayo itinanim; kailangan tayong maglaan ng panahon na tamasahin ang Panginoon bilang nagpapaloob ng lahat na lupain nang sa gayon ang lahat ng elemento ni Kristo bilang mayamang lupa ay masipsip patungo sa atin upang tayo ay mapuspos sa Kanya sa ating karanasan—Col. 2:10a; 4:2:
   1. Kung sisipsipin natin ang kayamanan ni Kristo bilang lupa, kailangan tayong magkaroon ng mga malambot, bagong ugat—2 Hari 19:30; Isa. 37:31; Jer. 17:7-8; cf. Marc. 4:16-17; 2 Cor. 4:16.
   2. Kailangan nating kalimutan ang ating sitwasyon, ang ating kalagayan, ang ating mga kabiguan, at ang ating mga kahinaan at maglaan lamang ng panahon upang sipsipin ang Panginoon; habang naglalaan tayo ng panahon upang sipsipin Siya, lumalago tayo sa paglago ng Diyos sa atin para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo—Luc. 8:13; Mat. 14:22-23; 6:6; Col. 2:7a, 19.

C. Ang ating pagka-ugnay sa Panginoon ay hindi dapat madaliin; kailangan nating ensayuhin ang ating espiritu na manatili sa presensiya ng Panginoon upang sipsipin Siya; kailangan tayong gumugol ng mas maraming oras upang sipsipin ang Panginoon—upang sambahin Siya, upang purihin Siya, upang maghandog ng pasasalamat sa Kanya, at upang magsalita sa Kanya nang malaya—Awit 27:4; Exo. 33:11, 14; Mat. 6:6; 14:22-23; Marc. 1:35; cf. Efe. 4:20-21.

D. Ang paglago ng Katawan ay nakadepende sa paglago ng Diyos, sa pagdami ng Diyos, sa loob natin sa isang napakasubhektibong paraan; ang paglago ng Katawan ay ang paglago ng gusali ng Diyos; ang aktuwal na pagtatayo ng ekklesia ay sa pamamagitan ng paglago sa buhay ng mga mananampalataya—Col. 2:19; Efe. 2:20-22; 4:16.

**III. Inilalahad ng Colosas 2:8-15 ang isang ganap na paglalarawan at kahulugan ni Kristo bilang lupa, kung saan wala tayong anumangkakulangan ; habang naglalaan tayo ng panahon upang sipsipin Siya bilang nagpapaloob ng lahat na lupain, ang mga katunayan sa mga bersikulong ito ay nagiging ating karanasan; ang mga katunayang ito ay na kay Kristo, at ang karanasan ay sa pamamagitan ni Kristo at kalakip si Kristo:**

A. Si Kristo bilang lupa ay ang Isa na kung kanino nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa katawan—b. 9:
   1. Ang kapuspusan ay tumutukoy hindi sa kayamanan ng Diyos kundi sa kahayagan ng kayamanan ng Diyos; ang nananahan kay Kristo ay hindi lamang ang kayamanan ng pagka-Diyos bagkus ang kahayagan ng kayamanan ng kung ano ang Diyos—b. 9; 1:15, 18; 3:10-11.
   2. Kapag tayo ay nakaugat kay Kristo bilang lupa, tayo ay mapupuspos sa Kanya; tayo ay napupuspos ng lahat ng dibinong kayamanan upang maging n—Efe. 3:8, 19.

3. Kay Kristo bilang lupa, tayo ay napupuspos, nakukumpleto, napasasakdal, nasisiyahan, at lubusang natutustusan; wala tayong anumang kakulangan—cf. Fil. 1:19.

B. Si Kristo bilang lupa ay ang Ulo ng lahat ng pamunuan at awtoridad—Col. 2:10.

C. Kay Kristo bilang lupa ay mayroong pumapatay na kapangyarihan, na naglalagay sa laman sa kamatayan—b. 11.

D. Kay Kristo bilang lupa ay may elemento na nagsasanhing mailibing tayo—b. 12a.

E. Kay Kristo bilang lupa ay may elemento na nagsasanhing maibangon tayo —b. 12b.

F. Kay Kristo bilang lupa ay may elemento na bumubuhay sa atin—b. 13.

G. Kay Kristo bilang lupa ay mayroong pagpawi sa mga nakasulat-kamay sa mga ordinansa—b. 14.

H. Kay Kristo bilang lupa ay mayroong tagumpay laban sa masasamang espiritu sa himpapawid—b. 15.

**IV. Higit pa rito, Si Kristo bilang lupa ay ang kasaysayan at hiwaga ng Diyos kalakip ang lahat ng kayamanan ng Kanyang persona at mga proseso—b. 2:**

A. Si Kristo ay Diyos—Juan 1:1; 20:28-29; Isa. 9:6; Juan 14:9-10; 2 Cor. 3:17; 1 Cor. 15:45b; Gawa 2:36.

B. Si Kristo ay tao—1 Tim. 2:5:

1. Siya ang Apostol—Heb. 3:1.
2. Siya ang Propeta—Gawa 3:22-23.
3. Siya ang Tagapayo—Isa. 9:6.
4. Siya ang Guro—Mat. 23:8, 10.
5. Siya ang Pinuno—Heb. 2:10.
6. Siya ang Panginoon—Luc. 5:5.
7. Siya ang Alipin—Isa. 42:1.
8. Siya ang Pastol—Juan 10:11.
9. Siya ang Saksi—Apoc. 1:5.
10. Siya ang Saserdote—Heb. 7:25-26.
11. Siya ang Tagapamagitan—8:6.
12. Siya ang tagapanagot—7:22.
13. Siya ang Hari—Mat. 2:2.
14. Siya ang Kasintahang lalaki—Juan 3:29; 2 Cor. 11:2.

C. Siya ang ating mga pangangailangan—Juan 14:6:

1. Siya ang ating liwanag—8:12.
2. Siya ang ating hangin—20:22.
3. Siya ang ating tubig—4:14.
4. Siya ang ating pagkain—6:35.
5. Siya ang ating pananamit—Gal. 3:27.
6. Siya ang ating tirahan—Juan 15:5.

7. Siya ang ating katamasahan at kapahingahan—Col. 2:16-17; Mat. 11:28.

D. Si Kristo ang ating dibinong probisyon—1 Cor. 1:30:
1. Siya ang ating kapangyarihan—b. 24b.
2. Siya ang ating karunungan—bb. 24b, 30b.
3. Siya ang ating katuwiran—b. 30b.
4. Siya ang ating pagpapabanal—b. 30b.
5. Siya ang ating katubusan—b. 30b.

E. Si Kristo sa ekklesia:
1. Siya ang Ulo ng Katawan—Col. 1:18.
2. Siya ang Katawan ng Ulo—1 Cor. 12:12.
3. Siya ang pundasyon ng ekklesia—3:11.
4. Siya ang batong panulok sa bahay ng Diyos, ang ekklesia—Efe. 2:20.
5. Siya ang lahat ng sangkap ng bagong tao—Col. 3:10-11.

**V. Si Kristo bilang ating nakalaang bahagi, ang ating di-malirip na mayamang mabuting lupain kung saan wala tayong anumangkakulangan, ay ang ating Sumasapat sa lahat na Diyos at ang dakilang Ako Nga, na maaari nating maranasan at matamasa araw kada araw; tinutugunan ng kung ano Siya ang bawat pangangailangan natin upang matugunan ang Kanyang pangangailangan para sa pagtatayo ng Kanyang ekklesia bilang Kanyang Katawan at paghahanda sa Kanyang ekklesia bilang Kanyang kasintahang babae para sa Kanyang pagbalik—1:12; Deut. 8:9; Gen. 17:1; Fil. 1:19; Juan 8:58; Heb. 11:6; Mat. 16:18; Apoc. 19:7-9; 21:2.**

*© 2023 Living Stream Ministry*